American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR)
e-ISSN : 2378-703X
Volume-09, Issue-12, pp-216-224
www.ajhssr.com
Research Paper Open Access

# Mga Hamong Nararanasan sa Kasanayang Pangwika ng mga Mag-aaral na nasa Ikawalong Baitang

Riza Joy M. Marabe[1]; Kenneth S. Morillo[2]; Baby S. Abagon[3]
*President Ramon Magsaysay State University*

**ABSTRACT :** Ang pangunahing layunin ng pag-aaral na ito ay matukoy at masuri ang mga hamong nararanasan ng mga mag-aaral sa kasanayang pangwika, partikular na sa pakikinig, pagsasalita, pagsulat, at pagbasa. Ang pag- aaral ay isinagawa sa mga paaralang Infanta Integrated School at Lipay National High School, taong panuruan 2025-2026, na may kabuuang bilang na 30 mag-aaral mula sa ikawalong baiting bilang mga tagatugon. Sa pag- aaral na ito ay gumamit ang mga mananaliksik ng survey-questionnaire (checklist type) para sa pagkalap ng mga kinakailangang datos at ito ay sinuri batay sa kinalabasan gamit ang frequency, weighted mean, at pagraranggo. Batay sa naging resulta, lumitaw na ang kasanayang pagsasalita ang may pinakamataas na antas ng hamon na may overall weighted mean na 2.64, na pangunahing nakaugat sa takot sa panghuhusga at kakulangan sa tiwala sa sarili. Sumunod ang pakikinig na may overall weighted mean na 2.47, na apektado ng ingay sa kapaligiran at bilis ng pagsasalita ng tagapagsalita. Samantala, ang pagbasa 1.95 at pagsulat 1.95 ay may katamtamang antas ng hamon, na nakasentro sa komprehensiyon, bokabularyo, at teknikal na aspeto gaya ng gramatika at bantas. Ipinahihiwatig ng pag-aaral na ang mga hamong ito ay may implikasyon sa akademikong pagganap ng mga mag- aaral, kaya't mahalagang makabuo ng mga mungkahi at interbensyon upang mapalakas ang kanilang kasanayang pangwika.

***KEYWORDS:*** kasanayang pangwika, hamon, pakikinig, pagsasalita, pagsulat, pagbasa

## I. INTRODUKSYON

Ang kasanayang pangwika ay kinikilala bilang isa sa pinakamahalagang kasanayang dapat taglayin ng bawat mag-aaral sapagkat ito ang nagiging tulay upang mabisang maipahayag ang kaisipan, makabuo ng lohikal na pag-unawa, at makalahok sa iba't ibang gawaing pang-akademiko. Ayon kay Serrano (2020)**,** ang kasanayang pangwika ay hindi lamang simpleng proseso ng paggamit ng wika kundi isang masalimuot na kasanayang nangangailangan ng tuloy-tuloy na paglinang upang maging episyente ang komunikasyon sa loob at labas ng silid-aralan. Dagdag pa rito, binigyang-diin nina Martin at Bautista (2018) na ang wika ang nagsisilbing instrumento ng pagkatuto sapagkat dito nakasalalay ang kakayahan ng mag-aaral na umunawa, magsuri, at magpahayag ng mga konseptong akademiko. Mula pa man noon hanggang sa kasalukuyan ay patuloy na lumilitaw sa mga pananaliksik na ang kahinaan sa wika ay nagdudulot ng malaking epekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral, partikular na sa antas ng sekondarya kung saan mas mataas na antas ng pagganap ang inaasahan. Para sa mga mag-aaral na nasa Ikawalong Baitang, ang iba't ibang suliranin tulad ng limitadong bokabularyo, kahirapan sa pag-unawa ng teksto, at kakulangan sa kasanayan sa pagbasa at pagsulat ay nagiging hadlang sa kanilang akademikong pag-unlad. Sa gitna ng mga hamong ito, nagiging mahalaga ang masusing pag-aaral at pagtukoy sa tunay na kalagayan ng kasanayang pangwika upang makabuo ng mga programang higit na tutugon sa pangangailangan ng mga mag-aaral.

Sa isang malawakang pag-aaral nina Acosta, Ferri, at Villanueva (2021) sa Spain, tinalakay ang ugnayan ng kasanayang pangwika at akademikong pagganap ng mga mag-aaral mula sa lower secondary level. Natuklasan sa kanilang pag-aaral na ang mga mag-aaral na may kahinaan sa paggamit at pag-unawa ng wika ay kadalasang nakararanas ng mababang antas ng performans sa mga asignaturang nangangailangan ng mataas na antas ng komprehensiyon at pagsusuri, gaya ng agham panlipunan at siyensya. Ipinunto rin sa pag-aaral na ang kakulangan sa bokabularyo, hindi sapat na exposure sa mga tekstong akademiko, at kakulangan sa pagsasanay sa pagsusulat ay nagreresulta sa hirap ng mga mag-aaral na magsuri, magpahayag, at magbuo ng lohikal na ideya. Bilang tugon, iminungkahi ng kanilang pag-aaral na dapat maging mas makabago at interaktibo ang mga estratehiyang panturo sa wika upang matugunan ang iba't ibang estilo at antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Pinatunayang epektibo ang mga gawaing nakabatay sa aktibong partisipasyon, scaffolding, at integrasyon ng teknolohiya sa pagpapalakas ng kasanayang pangwika.

Samantala, ipinakita sa pag-aaral ni Bautista (2019) na nananatiling hamon para sa maraming mag-aaral sa sekondarya sa Pilipinas ang pag-unawa sa teksto at organisadong pagsulat. Ayon sa kanyang pananaliksik, ilan sa mga pangunahing suliranin ng mga mag-aaral ay ang kakulangan sa malawak na bokabularyo, hindi sapat na kasanayan sa pagbuo ng mga pangungusap at talata, at kahinaan sa gramatika. Dagdag pa rito, binigyang-diin sa pag-aaral na ang kakulangan ng palagiang gawaing pampanitikan at hindi sapat na oras para sa mga aktibidad na nakatuon sa pagpapalakas ng wika ay nag-aambag sa paglala ng kahinaan ng mga mag-aaral sa kasanayang pangwika. Iminungkahi rin ni Bautista na ang kontekstuwalisado at integratibong pamamaraan sa pagtuturo ng wika ay higit na makatutulong upang maging makabuluhan at mas madali para sa mga mag-aaral ang pag-unawa at paglalapat ng kaalaman.

Mahalagang pagtuunang pansin ang mga hamong ito sapagkat ang kasanayang pangwika ay hindi lamang simpleng kakayahan kundi isang pundasyong nakaaapekto sa kabuuang pagkatuto ng mag-aaral. Kapag nagpapatuloy ang mga kahinaang pangwika sa sekondarya, maaaring maantala ang kanilang kakayahang makasabay sa mas komplikadong aralin sa mas mataas na antas. Dahil dito, kinakailangang maunawaan nang mas malalim ang kanilang mga karanasan at suliranin upang makapagdisenyo ng mga angkop na interbensyon at programang pang-edukasyon. Ang pag-unawa sa kanilang aktuwal na kalagayan ay may malaking maiaambag sa pagpapaunlad ng mga estratehiyang panturo, pagdisenyo ng kurikulum, at pagbuo ng mga gawaing magpapalakas sa kanilang kasanayan.

Sa paglalagom, ang pananaliksik na ito ay naglalayong masusing tuklasin at pag-aralan ang mga hamong kinahaharap ng mga mag-aaral na nasa ikawalong baitang ng mga paaralang Infanta Integrated School at Lipay National High School sa larangan ng kasanayang pangwika. Sa pamamagitan ng paglahad ng kanilang mga hamon at pangangailangan, inaasahang makabubuo ng mga rekomendasyon maaaring gamitin ng mga guro, tagapangasiwa, at iba pang nasa larangan ng edukasyon upang higit na mapabuti ang pagtuturo at pagkatuto ng wika. Sa huli, ninanais ng pag-aaral na ito na makatulong sa paglinang ng mga mag-aaral na may matatag na pundasyong pangwika, handang humarap sa mas mataas na antas ng pagkatuto, at may kakayahang maging epektibo at kritikal na tagapagpahayag sa hinaharap.

## II. LAYUNIN NG PAG-AARAL

Layunin ng pananaliksik na ito na matukoy ang mga hamong kinahaharap ng mga-aaral ng Infanta Integrated School at Lipay National High School na nasa ikawalong baitang pagdating sa mga natukoy na kasanayang pangwika – pakikinig, pagsasalita, pagbasa, at pagsulat. Sa paglaon ng pagsasagawa ng pag-aaral na ito, ang mga sumusunod na katanungan ay mabibigyang kasagutan:

1. Ano ang Profayl ng mga mag-aaral ayon sa :
1.1 Kasarian;
1.2 Edad; at
1.3 Paaralan
2. Ano-ano ang mga hamon na nararanasan ng mga mag-aaral ayon sa :
1.1 pakikinig;
1.2 pagsasalita;
1.3 pagbasa; at
1.4 pagsulat

## III. METODOLOHIYA

Ginamit ang deskriptibong disenyo upang matukoy ang mga hamong pangwika—pakikinig, pagbasa, pagsulat, at pagsasalita—ng mga mag-aaral sa Ika-walong Baitang ng Infanta Integrated School at Lipay National High School. Ang deskriptibong pananaliksik, ayon kina Dudovsky (2017) at Pedreza (2015), ay nakatuon sa paglalarawan ng kasalukuyang kalagayan at nagbibigay ng obhetibong pag-unawa sa mga datos.

Gumamit ang pag-aaral ng kuwantitatibong lapit sa pamamagitan ng survey-questionnaire na nahahati sa (1) profayl ng mga kalahok at (2) talaan ng mga hamong pangwika. Ayon kina Kumar (2019) at Creswell & Creswell (2018), ang questionnaire ay epektibong instrumento sa pangangalap ng nasusukat at ma-analisang impormasyon. Bawat kasanayan ay sinuri gamit ang 4-point Likert Scale (LS – Lubos na Sumasang-ayon hanggang HS – Hindi Sumasang-ayon) alinsunod sa kahulugan nito kay Leon-Montero (2020).

Sinigurong kumpidensyal ang sagot ng bawat kalahok upang mapanatili ang katapatan sa pagsagot. Tatlumpung (30) mag-aaral ang lumahok, na napili sa pamamagitan ng convenience sampling, isang praktikal na pamamaraan ayon kay Traherdoost (2017), ngunit nangangailangan ng pag-iingat upang maiwasan ang bias.

Sinundan ang sumusunod na proseso: pagbuo ng paksa, pagrerebyu ng literatura, paggawa at pagpapasuri ng talatanungan, paghingi ng pahintulot sa punungguro, at pamamahagi ng questionnaire sa mga kalahok.

Ang pagsusuri ng datos ay isinagawa gamit ang descriptive statistics, partikular ang frequency distribution at weighted mean, upang matukoy ang antas ng hamong nararanasan ng mga mag-aaral sa bawat kasanayang pangwika.

## IV. PAGTALAKAY NG RESULTA

### 1. Demograpikong Prorfayl ng mga Kalahok

**Talahanayan 1**
***Profayl ng mga mag-aaral ayon sa Kasarian***

| Kasarian | Frequency | Porsyento |
|---|---|---|
| Lalaki | 20 | 67% |
| Babae | 10 | 33% |
| **Kabuuang bilang** | **30** | **100%** |

Makikita sa Talahanayan 1 ang profayl ng mga mag-aaral ayon sa kasarian.

Batay sa datos na nakalap, ang kadalasang kasarian ng mga respondente sa pag-aaral ay lalaki na may 20 o 67%, samantalang 10 o 33% naman ang babae mula sa kabuuang 30 mag-aaral. Ipinapakita ng distribusyong ito na mas mataas ang partisipasyon ng mga lalaki kumpara sa mga babae sa konteksto ng pag-aaral na isinagawa, kagaya ng ipinakita sa pananaliksik nina Becker (2022) at Silvano et al. (2020), ang mas malaking porsyento ng mga lalaki sa sample ay maaaring magpahiwatig ng mas aktibong partisipasyon nila sa mga pagsasaliksik na nakatuon sa teknikal o structured na data collection.

**Talahanayan 2**
***Profayl ng mga mag-aaral ayon sa Edad***

| Edad | Frequency | Porsyento |
|---|---|---|
| 13 | 18 | 60% |
| 14 | 8 | 27% |
| 15 | 3 | 10% |
| 16 | 0 | 0% |
| 17 | 1 | 3.33% |
| Kabuuang bilang | 30 | 100% |

Makikita sa talahanayan 2 ang profayl ng mga mag-aaral ayon sa Edad.

Batay sa datos ng pag-aaral, makikita na ang pinakamalaking porsyento ng mga respondente ay nasa edad 13, na may 18 na mag-aaral o 60%, sinundan ng 8 mag-aaral o 27% na nasa edad 14. Mayroong 3 mag-aaral o 10% na nasa edad 15 at 1 mag-aaral o 3.33% na nasa edad 17, habang walang respondente na 16 anyos. Sa kabuuan, ang 30 kalahok ay bumubuo ng kabuuang 100%. Ang pagkakaiba-iba ng edad mula 13 hanggang 17, ay nagpapahiwatig ng pagkakaroon ng iba-ibang yugto ng adolescent development sa pag-aaral. Ang mga mas batang respondents ay kadalasang nasa mas unang yugto ng social at cognitive growth, habang ang mas matatandang respondents ay maaaring may mas matured na pananaw sa wika at komunikasyon, na nagbibigay ng mas malalim na pananaw sa paggamit ng napapanahong salita sa social media. Ang ganitong age distribution ay nagbibigay ng isang holistic na demographic profile na nagbibigay konteksto sa mga interpretasyon ng data at pagpapaliwanag ng mga trends na kakabit sa paggamit ng wika ng kabataan.Ito ay naaayon sa mga demograpikong trend na inilalahad sa mga kasalukuyang metodolohiyang ginagamit sa mga pag-aaral tungkol sa kabataan, gaya ng mga metodolohiyang ipinaliwanag nina Parker at Hurst (2025) sa kanilang pag-aaral hinggil sa karanasan ng mga kabataan. Sa kanilang metodolohiya, kasama ang mga kalahok na may edad 13 hanggang 17, at inangkop ang paraan ng pagkuha batay sa saklaw ng mga edad na ito upang mas maipakita ang wastong representasyon ng mga adolensiya.

**Talahanayan 3**
***Profayl ng mga mag-aaral ayon sa Paaralan***

| Paaralan | Frequency | Porsyento |
|---|---|---|
| Infanta Integrated School | 15 | 50% |
| Lipay National High School | 15 | 50% |
| **Kabuuang bilang** | **30** | **100%** |

Makikita sa Talahanayan 3 ang profayl ng mga mag-aaral ayon sa paaralan.

Batay sa talahayang nasa itaas, ang mga kalahok ay mula sa dalawang paaralan, 50% o 15 ng mga kalahok ay mula sa paaralang Infanta Integrated School, ganon din mga kalahok n amula sa Lipay National High School. Samakatuwid, hati o patas ang bilang ng mga kalahok pagdating sa paaralang pinanggalingan.

## 2. Mga Hamong Nararanasan ng mga Mag-aaral sa Kasanayang Pangwika

**Talahanayan 4**
***Hamong Nararanasan sa Kasanayang Pakikinig***

| Bilang | Kasanayang Pakikinig | *Average Weighted Mean* | Berbal na Interpretasyon | Ranggo |
|---|---|---|---|---|
| 1 | Madali akong mawalan ng pokus habang nakikinig. | 2.16 | Hindi Gaanong Sumasang-ayon | 4 |
| 2 | Nahihirapan akong unawain ang mensahe ng aking pinakikinggan kapag mabilis magsalita ang tagapagsalita. | 2.50 | Sumasangg-ayon | 2 |
| 3 | May mga salitang Filipino na hindi ko agad nauunawaan habang nakikinig. | 2.40 | Hindi Gaanong Sumasang-ayon | 3 |
| 4 | Madalas akong maistorbo ng mga ingay sa paligid habang nakikinig. | 3.27 | Sumasang-ayon | 1 |
| 5 | Hindi ko agad natatandaan ang mahahalagang detalye matapos makinig. | 2.10 | Hindi Gaanong Sumasang-ayon | 5 |
| | Overall Weighted Mean | 2.47 | Hindi Gaanong Sumasang-ayon | |

Makikita sa Talahanayan 4 ang Hamong Nararanasan sa Kasanayanag Pakikinig.

Ipinakikita sa mga datos ng Talahanayan 2.1 na ang mga mag-aaral ay nakararanas ng katamtamang antas ng hamon sa kasanayang pakikinig, na may *overall weighted mean* na 2.47 na mayroon namang berbal na interpretasyong “hindi gaanong sumasang-ayon.” Bagama’t sa pangkalahatan ay hindi itinuturing na malala ang mga suliranin, may ilang indikasyong nangangailangan ng agarang pagtuon, lalo na ang mga hamong may kaugnayan sa atensyon, pag-unawa sa paksang pinakikinggan, at ingay sa kapaligiran.

Mula sa tugon ng mga kalahok na nasa ikawalong baitang, natukoy ng mga mananaliksik mula sa *weighted mean averages* sa bawat hamong nasa talatanungan ang itinuturing na pinakahamon ng mga mag-aaral pagdating sa kasanayang pakikinig. Batay sa resulta, ang indikeytor 4, “Madalas akong maistorbo ng mga ingay sa paligid habang nakikinig,” ang pinakahamong itunuturing ng mga mag-aaral, ito ay may 3.27 *weighted mean* at berbal na interpretasyong “sumasang-ayon.” Samantala, ang indikeytor 5, “Hindi ko agad natatandaan ang mga mahahalagang detalye matapos makinig," ang nasa ikalimang ranggo na may *weighted mean* na 2.10 at berbal interpretasyong “hindi gaanong sumasang-ayon.”

Ayon kina Zhang & Zhang (2020), sa pandaigdigang konteksto, kinikilala ng mga eksperto ang pakikinig bilang isang mahalagang kasanayan na nagtataguyod ng matagumpay na komunikasyon at akademikong performans. Gayunpaman nahaharap ang bawat mag-aaral sa hamon ng epektibong pakikinig, na maaaring makaaapekto sa pang-unawa nila sa mga lektura at talakayan. Isa na rito ang hamong nasa indikeytor 4 na siyang nagsisilbing pinakahamon sa pakikinig ng mga mag-aaral na nasa ikawalong baitang, bilang mga kalahok ng pag-aaral na ito. Sa katunayan, ang pagkakaroon ng *external distractions* tulad ng ingay, ay matagal nang kinikilala sa pananaliksik bilang pangunahing hadlang sa epektibong pakikinig. Ayon sa pag-aaral nina Santos at Javier (2018)**,** ang maingay na kapaligiran tulad ng pag-uusap ng kaklase, tunog mula sa labas ng silid-aralan, at iba pang environmental noise ay may negatibong epekto sa konsentrasyon at comprehension ng mga mag-aaral. Sinusuportahan din ito ng natuklasan nina Flores at Dizon (2021) na nagsasabing ang ingay ay nakapagpapababa ng *processing efficiency*, na nagreresulta sa pagkalito at hirap sa pagsunod sa daloy ng mensahe ng tagapagsalita. Dagdag pa rito, ipinakita sa pag-aaral ni Ahmed (2023) na ang noise pollution sa loob ng paaralan ay may malinaw na kaugnayan sa mababang listening performance, lalo na sa mga kabataang madaling ma-distract. Sa kaso ng mga mag-aaral sa Ikawalong Baitang, ipinahihiwatig ng mataas na mean na ang ingay ay bumabalakid sa kanilang abilidad na magpokus, magproseso, at makaunawa ng impormasyon.

Sa kabilang banda, bagama’t ang indikeytor 5 ay makikitang hindi kasing tindi ng iba pang hamon, nariyan pa rin ang katunayang may kaugnayan pa ito sa *working memory* at komprhensyon. Batay sa pag-aaral nina Salonga at Yu (2020)**,** ang retensyon ng impormasyon ay nakadepende sa antas ng pag-unawa sa napakinggan at sa kung gaano kahusay ang pagkaka-organisa ng mensahe ng tagapagsalita.

Sa kabuuan, malinaw na ang mga hamon sa pakikinig ng mga mag-aaral ay nakaugat sa dalawang pangunahing salik – una, ang mga panlabas na sagabal tulad ng ingay, at ikalawa, ang mga salik na lingguwistiko at kognitibo tulad ng bilis ng pagsasalita, limitadong bokabularyo, at antas ng atensyon. Ang mga resultang ito ay kaayon ng mga pananaliksik na naisasagawa noon pa man na naglilinaw na ang epektibong *listening comprehension* ay hindi lamang nakasalalay sa kakayahang makinig, kundi pati sa kalidad ng kapaligiran, kasanayan sa wika, at kakayahang mental ng tagapakinig.

**Talahanayan 5**

***Hamong Nararanasan sa Kasanayang Pagsasalita***

| **Bilang** | **Kasanayang Pagsasalita** | ***Average Weighted Mean*** | **Berbal na Interpretasyon** | **Ranggo** |
|---|---|---|---|---|
| 1 | Madalas akong kabahan o mahiya kapag nagsasalita sa harap ng klase o sa maraming tao. | 2.87 | Sumasang-ayon | 2 |
| 2 | Nahihirapan akong magpahayag ng ideya dahil sa kakulangan sa bokabularyo (mga salitang alam at nagagamit nang tama). | 2.63 | Sumasangg-ayon | 4 |
| 3 | May mga pagkakataong nagkakamali ako sa gramatika (wastong gamit ng mga salita, wastong pagkakaayos ng mga salita sa loob ng pangungusap, wastong bigkas ng mga salita) habang nagsasalita. | 2.73 | Sumasang-ayon | 3 |
| 4 | Nahihirapan akong ayusin ang pagkakasunod-sunod ng mga ideyang aking sasabihin. | 2.06 | Hindi Gaanong Sumasang-ayon | 5 |
| 5 | Natatakot akong husgahan o pagtawanan ang aking mga magagawang pagkakamali kapag nagsasalita. | 2.93 | Sumasang-ayon | 1 |
| | ***Overall Weighted Mean*** | **2.64** | **Sumasang-ayon** | |

Makikita sa Talahanayan 5 ang Hamong nararanasan sa kasanayang P agsasalita.

Lumilitaw na ang mga mag-aaral sa ikawalong baitang ay malinaw na nakararanas ng iba't ibang hamon sa kasanayang pagsasalita, na may kabuuang *overall weighted mean* na 2.64 na mayroon naman berbal na interpretasyong "sumasang-ayon." Ipinahihiwatig lamang nito na ang mga kahinaang nakapaloob sa talahanayan ay talagang nararanasan at nararamdaman ng mga mag-aaral habang sila ay nakikipagtalastasan, lalo na sa pormal at pampaaralang konteksto. Mga bagay na hindi dapat ipagsawalang bahala dahil malaki ang posibilidad na magdulot ng pagkabigo sa makabuluhang paggamit ng kasanayang pagsasalita paglaon.

Ipinakikita rin sa Talahanayan bilang 2.2, mula sa tugon ng mga kalahok na nasa ikawalong baitang, natukoy ng mga mananaliksik mula sa *weighted mean averages* sa bawat hamong nasa talatanungan ang itinuturing na pinakahamon ng mga mag-aaral pagdating sa kasanayang pagsasalita. Batay sa resulta, ang indikeytor 5, "Natatakot akong husgahan o pagtawanan ang aking mga magagawang pagkakamali kapag nagsasalita," ang pinakahamong itunuturing ng mga mag-aaral, ito ay nasa unang ranggo na may 2.93 *weighted mean* at berbal na interpretasyong sumasang-ayon. Samantala, ang indikeytor 4, "Nahihirapan akong ayusin ang pagkakasunod-sunod ng mga ideyang aking sasabihin," ang nasa ikalimang ranggo na may *weighted mean* na 2.06 at berbal interpretasyong hindi gaanong sumasang-ayon.

Ayon kay Saavedra (2020), ang kasanayang pasalita na tinatawag ding kasanayang ekspresib ay mahalagang malinang sa mga mag-aaral sapagkat ito ay isang batayan upang masabing ganap ang natamong pagkatuto ng mga mag-aaral. Gayunpaman, palaging kaakibat ng pagsasalita ang iba't ibang hamong maaaring kaharapin ng mga mag-aaral sa pagsasanay ng kasanayang ito. Gaya na lamang ng indikeytor 5 na siyang pinakanangunang tugon ng mga mag-aaral. Ang kasong ito ay nagpapahiwatig na ang *communication anxiety o speech apprehension* ang pangunahing nakaaapekto sa kasanayang pampagsasalita ng mga mag-aaral. Lubos itong sinusuportahan ng pag-aaral nina Cipriano at Caballero (2017) na nagsabing ang takot sa panghuhusga ay nagdudulot ng *speech avoidance*, pagbaba ng tiwala sa sarili, at pag-aatubili sa pagsasalita sa harap ng klase. Samantala, sinabi nina Gubatan at Hilario (2020) na ang *social pressure* at pangamba sa negatibong pagtanggap ng kaklase ay ilan sa pinakamalaking hadlang sa *oral communication* ng mga kabataan. Dagdag pa rito, natuklasan ni Kim (2021) na ang *public-speaking anxiety* ay tumataas lalo na sa mga sitwasyong may mataas na inaasahan o

inaakalang kritikal ang mga tagapakinig. Ang ganitong takot ay maaaring maging sanhi ng pagkalimot, pagbulol, o pag-iwas na lamang makilahok sa talakayan, na nagpapahina sa paglinang ng kanilang kasanayang komunikatibo.

Samantala, bagama't ang indikeytor 4 ang may pinakamababang antas ng pagsang-ayon, hindi nito ibig sabihing hindi ito problema. Sa katunayan, ayon sa pag-aaral nina Antonio at Cruz (2020)**,** ang organisasyon ng ideya ay isa ring karaniwang hamon sa *oral communication*, lalo na kung ang kabataan ay kinakabahan o biglaan ang pagtatanong. Gayunpaman, maaaring mas masidhi ang naunang apat na hamon kaya ito ang napunta sa huling ranggo.

Sa paglalagom, malinaw na mababatid sa Talahayan 2.3 na ang pangunahing suliranin ng mga mag-aaral sa pagsasalita ay nakaugat hindi sa talasalitaan o gramatika lamang, kundi sa psikolohikal na aspeto ng komunikasyon gaya ng takot, kaba, at pangamba sa panghuhusga. Bagama't may mga kahinaang lingguwistiko, ipinakikita ng ranggo na ang emosyonal at sosyal na mga salik ang higit na nagpapabigat sa kanilang pagsasalita. Ang mga natuklasang ito ay sumusuporta sa malawak na pananaliksik mula pa noon na nagsasabing ang epektibong paglinang sa kasanayang pasalita ay nangangailangan hindi lamang ng pagtuturo ng tamang gamit ng wika, kundi pati na rin ng pagbuo ng tiwala sa sarili at pagbawas sa tinatawag na *communication anxiety.*

**Talahanayan 6**

***Hamong Nararanasan sa Kasanayang Pagbasa***

| **Bilang** | **Kasanayang Pagbasa** | ***Average Weighted Mean*** | **Berbal na Interpretasyon** | **Ranggo** |
|---|---|---|---|---|
| 1 | Madalas akong mawalan ng interes sa pagbabasa. | 1.80 | Hindi Gaanong Sumasang-ayon | 5 |
| 2 | Maraming salitang Filipino ang hindi ko agad nauunawaan habang nagbabasa. | 2.03 | Hindi Gaanong Sumasang-ayon | 2 |
| 3 | Nahihirapan akong maunawaan ang pangunahing ideya ng binabasa. | 2.13 | Hindi Gaanong Sumasang-ayon | 1 |
| 4 | Madali akong mawala sa pokus kapag mahaba ang binabasa. | 1.90 | Hindi Gaanong Sumasang-ayon | 3 |
| 5 | Hindi ko natatandaan ang mga mahahalagang detalye pagkatapos magbasa. | 1.87 | Hindi Gaanong Sumasang-ayon | 4 |
| | ***Overall Weighted Mean*** | **1.95** | **Hindi Gaanong Sumasang-ayon** | |

Makikita sa Talahanayan 6 ang Hamong Nararanasan sa Kasanayang Pagbasa

Batay sa ipinakitang datos sa Talahanayan 2.3, na mayroong kabuuang *overall weighted mean* na 1.95 na mayroon namang berbal na interpretasyong "hindi gaanong sumasang-ayon," lumalabas na bagama't nararanasan ng mga mag-aaral sa ikawalong baitang ang ilang hamon sa kasanayang pagbasa, hindi pa ito lubhang matindi o ganap na nagpapahirap sa kanila, subalit kinakikitaan ng malinaw na indikasyon ng mga kahinaang nangangailangan ng agarang atensyon.

Ipinakikita rin sa Talahanayan bilang 2.3, mula sa tugon ng mga kalahok, natukoy ng mga mananaliksik mula sa *weighted mean averages* sa bawat hamong nasa talatanungan ang itinuturing na pinakahamon ng mga mag-aaral pagdating sa kasanayang pagbasa. Batay sa resulta, ang indikeytor 3, "Nahihirapan akong maunawaan ang pangunahing ideya ng binabasa," ang pinakahamong itunuturing ng mga mag-aaral, ito ay may *weighted mean* na 2.13 at berbal na interpretasyong "hindi gaanong sumasang-ayon." Samantala, ang indikeytor 1, "Madalasakong mawalan ng interes sa pagbabasa," na may *weighted mean* na 1.80 at berbal na interpretasyon na "hindi gaanong sumasang-ayon" ang nasa ikalimang ranggo.

Ayon kay Delgado-Oliverio (2015), ang kasanayang pagbasa ay isa sa mga kasanayang pangwika na tulay upang mapahusay at malinang ang kasanayan sa mabisang pag-unawa sa teksto. Ito ay may malaking kaugnayan sa iba pang makrong kasanayang pakikinig, pagsasalita, pagsulat at panonood ng isang tao dahil nagkakaroon ng kakayahang makabuo ng mga kaisipan at makapagpahayag ng damdamin at maayos na makipagkomunikasyon sa lahat ng disiplina o larangan. Gayunpaman, hindi maipagkakaila na habang lumilipas ang panahon ay bumababa ang lebel ng kahusayan ng mga mag-aaral sa pagbasa. Sa katunayan, makikita sa datos ng talahanayang ito ang indikeytor 3 bilang nangungunang hamon sa mga mag-aaral ng ikawalong baitang pagdating sa kasanayang pagbasa. Ipinahihiwatig nito na maraming mag-aaral ang nahahalataang nahihirapan sa

komprehensiyon, partikular sa pagkilala at pag-unawa sa sentral na ideya ng kanilang binabasa. Suportado ito ng pag-aaral nina Perez, Solis, at Gomez (2019) na nagsasabing isa sa pangunahing suliranin ng mga kabataang mambabasa ay ang kahirapan sa pagbuo ng inferensiya at pagpili ng mahahalagang impormasyon sa teksto. Ayon pa sa kanila, ang kahirapan sa pag-unawa ay karaniwang nag-uugat sa kakulangan sa bokabularyo at limitadong eksposyur sa pagbasa.

Samantala, ang indikeytor 1 naman bilang nasa pinakamababang ranggo ay nagpapahiwatig pa rin na kung hindi napagtuunang pansin ay magkakaroon din ng malaking epekto sa katagumpayan sa pagbabasa ng mga mag-aaral. Ayon nga kay Serrano (2018)**,** ang interes sa pagbasa ay may direktang ugnayan sa pag-unawa at haba ng oras na ginugugol sa pagbabasa, kung mababa ang interes, mababa rin ang komprehensiyon at mas kaunti ang eksposyur sa de-kalidad na materyales.

Sa kabuuan, ipinakikita ng Talahanayang 2.3 na ang mga hamon sa kasanayang pagbasa ng mga mag-aaral ay umiikot sa mga pangunahing aspekto gaya ng pag-unawa sa teksto, bokabularyo, at pagpapanatili ng impormasyon. Bagama't hindi lubhang matindi ang antas ng mga hamon, malinaw na kailangan ng mga mag-aaral ng mas madalas na eksposyur sa pagbasa, pagpapalawak ng bokabularyo, at paglinang ng metacognitive strategies upang mapabuti ang kanilang kakayahan. Ang mga natuklasang ito ay maaaring magsilbing batayan sa pagbuo ng targeted reading interventions para sa mas epektibong pagkatuto.

**Talahanayan 7**
***Hamong Nararanasan sa Kasanayang Pagsulat***

| **Bilang** | **Kasanayang Pagsulat** | ***Average Weighted Mean*** | **Berbal na Interpretasyon** | **Ranggo** |
|---|---|---|---|---|
| 1 | Nahihirapan akong magsimula ng aking isusulat. | 1.43 | Hindi Sumasang-ayon | 5 |
| 2 | Madalas akong magkamali sa gramatika, baybay, at bantas kapag nagsusulat. | 2.37 | Hindi Gaanong Sumasang-ayon | 1 |
| 3 | Hindi ko alam kung paano maayos na aayusin ang mga ideya na nais kong isulat. | 1.80 | Hindi Gaanong Sumasang-ayon | 3 |
| 4 | Madalas akong mawalan ng interes o motibasyon sa pagsusulat. | 1.60 | Hindi Gaanong Sumasang-ayon | 4 |
| 5 | Nahihirapan akong pumili ng tamang salita upang maipahayag ang aking ideya sa pagsusulat. | 2.27 | Hindi Gaanong Sumasang-ayon | 2 |
| | ***Overall Weighted Mean*** | **1.95** | **Hindi Gaanong Sumasang-ayon** | |

Makikita sa Talahanayan 7 ang Hamong Nararanasan sa Kasanayang Pagsulat.

Ipinakikita ng resulta sa Talahayanan 2.4 na ang mga mag-aaral ay nakararanas ng katamtamang antas ng hamon sa kasanayan sa pagsulat, na may kabuuang *overall weighted mean* na 1.95 na mayroon namang berbal na interpretasyong "hindi gaanong gumasang-ayon." Bagama't hindi itinuturing na lubhang malala ang kabuuang antas ng suliranin, may mga partikular na aspekto talaga ng pagsusulat ang higit na nagpapahirap sa mga mag-aaral.

Ipinakikita sa Talahanayan bilang 2.4, mula sa tugon ng mga kalahok na nasa ikawalong baitang, natukoy ng mga mananaliksik mula sa *weighted mean averages* sa bawat hamong nasa talatanungan ang itinuturing na pinakahamon ng mga mag-aaral pagdating sa kasanayang pagsulat. Batay sa resulta, ang indikeytor 2, "Madalas akong magkamali sa gramatika, baybay, at bantas kapag nagsusulat," ang pinakahamong itunuturing ng mga mag-aaral, ito ay may 2.37 *weighted mean* at berbal na interpretasyong hindi gaanong sumasang-ayon. Samantala, ang indikeytor 1, "Nahihirapan akong magsimula ng aking isusulat," na may *weighted mean* na 1.43 at berbal interpretasyong hindi sumasang-ayon, ang nasa ikalimang ranggo.

Ayon kay Redondo (2022), ang pagsusulat ay kaakibat ng pag-iisip, at ang kalidad ng pagsulat ay nagbibigay repleksyon sa kalidad ng pag-iisip. Ito ay hindi lamang pagbuo ng salita kundi pagsasanib ng mga ideya. Ang pagsusulat ay hindi simpleng kasanayan, kundi isang proseso ng pag-organisa ng mga ideya. Gayunpaman, isa sa mga masaklap na katotohanang kinahaharap ng karamihan sa mga mag-aaral ay ang kakulangan sa kasanayang pagsulat dahil sa iba't ibang hamong nararanasan sa pagsasagawa nito. Gaya na lamang ng indikeytor 2 sa talahanayang ito na siyang nangungunang hamong kinahaharap ng mga mag-aaral na nasa ikawalong baitang. Mababatid sa indikeytor na ito na ang teknikal na bahagi ng pagsulat ang pangunahing

kahinaan ng mga mag-aaral, partikular na ang maling konstruksyon ng gramatika, maging ang tamang paggamit ng baybay at bantas na mga pangunahing kinakailangan sa isang mahusay na pagbuo ng sulatin. Ang resultang ito ay suportado ng pag-aaral nina Ceniza at Paringit (2017) na nagsasabing karaniwan pa ring suliranin ng mga mag-aaral ang grammar at mechanics dahil sa kakulangan sa malalim na pag-unawa at sapat na pagsasanay. Gayundin, natuklasan nina Libranda at Tayao (2019) at Casilan (2021) na ang mali-maling baybay, maling gamit ng bantas, at di-wastong estruktura ng pangungusap ay nagpapababa sa kalidad ng mga sulating pampaaralan, na sumasalamin sa mababang writing proficiency ng maraming mag-aaral. Ipinapayo ng mga pag-aaral na ito na kailangan ng sistematikong instruksyon at mas madalas na proofreading upang mabawasan ang mga ganitong kamalian.

Sa kabilang banda, ang indikeytor 1 naman bilang nasa pinakamababang ranggo, bagama't hindi itinuturing na pangunahing suliranin batay sa datos, mahalaga pa ring banggitin na ang kahirapan sa pagsisimula ay karaniwang bunga ng *writer's block*, kakulangan sa ideya, at kawalan ng tiwala sa sariling kakayahan, tulad ng binanggit nina Fabillar (2019) at Nardo (2021). Gayunman, lumilitaw na mas malinaw sa mga mag-aaral ang teknikal nilang kahinaan kaysa ang mismong pagbubuo o pagsisimula ng ideya.

Sa paglalagom, ipinakikita ng Talahanayang 2.4 na ang pinakaugat ng suliranin sa pagsusulat ay hindi agad ang pagbuo ng nilalaman kundi ang kakulangan sa *fundamental writing skills* tulad ng gramatika, tamang baybay, wastong bantas, at paggamit ng angkop na salita. Ang ganitong mga hamon ay matagal nang binibigyang-diin sa mga pag-aaral mula pa noon hanggang sa kasalukuyan, na nagpapakitang patuloy na kailangan ang masinsin, sistematiko, at nakatuon-sa-kasanayan na pagtuturo ng pagsulat upang mapataas ang antas ng kahusayan ng mga mag-aaral.

## V. KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

### KONKLUSYON

Batay sa nakalap na datos, natukoy na ang mga mag-aaral sa ikawalong baitang ay nakararanas ng iba't ibang hamon sa kasanayang pangwika. Ang pinakamatinding hamon ay nasa kasanayang pagsasalita, na higit na naaapektuhan ng mga salik na sikolohikal gaya ng kaba at takot sa panghuhusga. Ang pakikinig ay nahahadlangan ng ingay sa kapaligiran at bilis ng pagsasalita, samantalang ang pagbasa at pagsulat ay nagpapakita ng kahinaan sa komprehensiyon, bokabularyo, at teknikal na aspeto ng wika. Bagama't hindi lubhang matindi ang antas ng mga hamon sa pagbasa at pagsulat, malinaw na kailangan ng masinsinang pagtutok upang maiwasan ang paglala ng mga kahinaang ito. Sa kabuuan, ipinakikita ng pag-aaral na ang kasanayang pangwika ay pundasyon ng akademikong pagkatuto, kaya't ang anumang kahinaan dito ay maaaring makaapekto sa kabuuang pagganap ng mag-aaral.

### REKOMENDASYON

Batay sa naging resulta ng pag-aaral na ito, ang mga sumusunod na rekomendasyon ay nabuo ng mga mananaliksik para sa mga guro, mag-aaral, paaralan, at mga susunod pang mga mananaliksik upang ang mga hamong nararanasan ng mga mag-aaral sa kasanayang pangwika ay maibsan at hindi lalong maging problema paglaon.

Para sa mga Guro. Gumamit ng makabagong estratehiya sa pagtuturo ng wika tulad ng interaktibong gawain, edukasyunal na pagpapalaro, at paggamit ng teknolohiya upang mahikayat ang mas aktibong pakikilahok ng mga mag-aaral. Sa ganitong paraan, nababawasan ang kanilang hiya at kaba, at higit nilang napapalakas ang tiwala sa sarili. Mahalagang magbigay din ang guro ng tuloy-tuloy na pagsasanay sa mga kasanayang pangwika, lalo na sa gramatika, bokabularyo, komprehensyon, at organisasyon ng ideya sa pasulat at pasalitang pagpapahayag.

Para naman sa mga mag-aaral, mahalagang maging aktibo sila sa talakayan at sa iba pang gawaing inihahain ng guro upang unti-unting mapaunlad ang kanilang kasanayan sa pagsulat at pagsasalita. Dapat din silang maglaan ng oras para sa pagbabasa ng iba't ibang materyales upang mapalawak ang bokabularyo, gramatika, at kakayahang umunawa—na pawang pundasyon ng mahusay na paggamit ng wika.

Para sa mga paaralan, mainam na maglaan ng oras at suporta para sa mga programang pampanitikan at gawaing nagtataguyod ng mas makabuluhang paggamit ng kasanayang pangwika ng mga mag-aaral, maging sa loob o labas ng paaralan.

Sa mga susunod na mananaliksik, hinihikayat na magsagawa ng mas malawak na pag-aaral na may mas malaking bilang ng kalahok, at isama ang iba pang salik tulad ng sosyo-ekonomikong kalagayan at impluwensiya ng teknolohiya. Makakatulong ito upang higit pang masolusyunan ang lumalaganap na mga hamon sa kasanayang pangwika at makabuo ng mas epektibong interbensyon para sa akademikong pag-unlad ng mga mag-aaral.

## TALASANGGUNIAN


[1] **Acosta, S., Ferri, F., & Villanueva, M.** (2021). Language competence and academic performance among lower secondary learners in Spain. Journal of Education and Learning, 10(2), 45–58.

[2] **Ahmed, R.** (2023). Impact of school noise pollution on students' listening and comprehension performance. International Journal of Educational Research, 122, 102192.

[3] **Antonio, L. J., & Cruz, M. A. (2020).** Oral communication difficulties among Filipino learners: Focus on idea organization. Philippine Journal of Language Studies, 4(1), 66–78.

[4] **Bautista, R. L.** (2019). Mga hamon sa pagbasa at pagsulat ng mga mag-aaral sa sekondarya. Dalumat Journal, 11(1), 104–121.

[5] **Becker, et al.** (2025). Respondent characteristics based on gender distribution in quantitative studies. Journal of Information Systems Engineering and Management, 10(55s), 184–94.

[6] **Casilan, A.** (2021). Grammar and writing proficiency among junior high school students. Asia Pacific Journal of Education, Arts, and Sciences, 8(4), 17–25.

[7] **Ceniza, A. M., & Paringit, K.** (2017). Common writing difficulties of Filipino learners: Grammar and mechanics. International Journal of Education and Research, 5(9), 45–56.

[8] **Cipriano, G., & Caballero, R**. (2017). Speech anxiety and communication apprehension among high school students. Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research, 5(3), 101–110.

[9] **Creswell, J. W., & Creswell, J. D.** (2018). Research design: Qualitative, quantitative, and mixed methods approaches (5th ed.). Sage Publications.

[10] **Delgado-Oliverio, P.** (2015). Pag-unawa at paglinang ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral. Linguistics and Literature Journal, 3(2), 88–102.

[11] **Dudovskiy, J.** (2017). The ultimate guide to writing a dissertation. Research-Methodology.net.

[12] **Fabillar, R. T.** (2019). Writer's block and idea generation among Filipino students. Philippine Social Science Journal, 2(2), 33–44.

[13] **Flores, M., & Dizon, J.** (2021). Environmental noise and its effect on students' listening comprehension. Journal of Educational Psychology Review, 9(2), 55–69.

[14] **Gubatan, S., & Hilario, A.** (2020). Social pressure and oral communication challenges of junior high students. Journal of Humanities and Education Development, 2(5), 317–325.

[15] **International Journal of Advanced Academic Research.** (2023). Demographic analysis of respondents by gender in survey research.

[16] **Kim, H.** (2021). Public speaking anxiety in adolescents: Factors and interventions. International Journal of Adolescence and Youth, 26(1), 123–136.

[17] **Kumar, R.** (2019). Research methodology: A step-by-step guide for beginners (5th ed.). Sage Publications.

[18] **Leon-Montero, L.** (2020). Understanding Likert scales in educational research. Journal of Measurement and Evaluation in Education, 12(3), 45–59.

[19] **Libranda, R., & Tayao, M.** (2019). Error analysis in the written outputs of Filipino learners. Asian EFL Journal, 21(2), 120–137.

[20] **Loeb, S., Dynarski, S., McFarland, D., Morris, P., Reardon, S., & Reber, S.** (2017). Descriptive analysis in education: A guide for researchers. U.S. Department of Education.

[21] **Martin, I., & Bautista, L.** (2018). Wika bilang instrumento ng pagkatuto: Isang pagsusuri. Suri Journal of Filipino Studies, 7(1), 55–70.

[22] **Nardo, M.** (2021). Barriers to effective writing among Filipino learners. Journal of Language and Literacy Education, 13(4), 102–115.

[23] **Parker, K., & Hurst, K.** (2025). Teen experiences research methodology and demographic considerations. Pew Research Center.

[24] **Pedreza, A. T. (2015).** Descriptive research in education: Concepts and applications. Journal of Educational Research and Practice, 5(1), 11–23.

[25] **Perez, I., Solis, R., & Gomez, J.** (2019). Reading comprehension challenges among Filipino secondary learners. Asia Pacific Journal of Education, 39(4), 553–568.

[26] **Saavedra, E. T. (2020**). Kasanayang pasalita at ang paghubog sa komunikatibong kakayahan ng mga mag- aaral. Saliksik: Journal of Filipino Studies, 8(2), 33–49.

[27] Salonga, R., & Yu, M. (2020). Working memory and listening comprehension among Filipino learners. Philippine ESL Journal, 26, 110–127.

[28] **Santos, K., & Javier, L.** (2018). Effects of classroom noise on student concentration and comprehension. Journal of Educational Psychology Studies, 6(3), 77–89.

[29] **Serrano, A. (2018).** Interes sa pagbasa at kaugnayan nito sa komprehensyon ng mga mag-aaral. Dalumat Journal, 10(2), 55–70.

[30] **Serrano, A.** (2020). Kasanayang pangwika at ang paglinang nito sa konteksto ng edukasyon. Wika at Pagkatuto Journal, 4(1), 22–35.

[31] **Taherdoost, H.** (2017). Sampling methods in research methodology: How to choose a sampling technique. International Journal of Academic Research in Management, 5(2), 18–27.

[32] **Zhang, Y., & Zhang, L.** (2020). Listening comprehension challenges in secondary education: A global review. Journal of Language Teaching and Research, 11(5), 655–66